

# 交通 TAVA

Tagalog 菲律賓語



## Mga Biktima ng Aksidenteng Pang-trapiko Sistema ng Pagtulong

Nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga biktima ng aksidenteng pang-trapiko o sa mga naulilang umaasa sa mga nasawing biktima ng aksidente

## Traffic Accident Victims Assistance Scheme

Provides financial assistance to road traffic accident victims or the surviving dependants of deceased traffic accident victims

# 意外傷亡援助

June 2025



社會福利署

Social Welfare Department

## Layunin

Layunin ng Tulong para sa mga Biktima ng Aksidenteng Pang-Trapikong (TAVA) Programa na magbigay ng pinansyal na tulong sa mga biktima ng aksidenteng pang-trapiko o sa mga naulilang kaanak ng mga nasawing biktima ng aksidente, kahit hindi isinasaalang-alang ang kakayahang pinansyal o kung sino ang may kasalanan sa insidente.

Ang mga bayad ay ibinibigay para sa personal na pinsala, ngunit hindi saklaw ang pagkawala o pagkasira ng ari-arian.

## Pamantayan ng Aplikasyon

Bawat aplikasyon ay karapat dapat tumutugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- ang aksidente ay saklaw ng Ordinansa sa Pondo ng Tulong para sa mga Biktima ng Aksidenteng Pang-Trapiko, Kapitulo 229 ng Batas ng Hong Kong, at ito ay naiulat na sa Pulisya;
- ang biktima ay nasawi o nagtamo ng permanenteng kapansanan dahil sa aksidente; o ang pinsalang natamo ay humantong sa hindi bababa sa pitong araw ng pagkakaospital, ayon sa sertipikasyon ng rehistradong manggagamot o rehistradong praktisyoner ng tradisyunal na medisina ng Tsino;
- ang aplikasyon para sa tulong ay isinumite sa loob ng anim na buwan (tingnan ang tala sa ibaba) mula sa petsa ng aksidente; at
- ang biktima ay isang tao na may karapatang manatili sa Hong Kong o pinahihintulatang manatili sa Hong Kong alinsunod sa Ordinansa sa Imigrasyon, Kapitulo 115 ng Batas ng Hong Kong, at siya ay hindi lumalabag sa itinakdang haba ng pananatili (kung mayroon man) na ipinatutupad sa kanya sa oras ng aksidente.

Paunawa: Sa pagbibilang ng anim na buwan, hindi isinasama ang araw ng aksidente. Kung ang huling araw ay tumapat sa Sabado, pampublikong holiday, o araw na may bagyong nakataas sa signal bilang 8 o higit pa, o ipinataw ang signal na Black Rainstorm, ang pagbilang ng araw ay magsisimula sa susunod na normal na araw ng pagtatrabaho.

## Mga Paraan ng Pag-aaplay

Ang aplikasyon ay makukuha sa mga Koponan ng Imbestigasyon ng Aksidente ng Rehiyonal na Trapiko ng Puwersang Pulisya ng Hong Kong, mga Tanggapan ng Distrito ng Kagawaran ng Ugnayang Panloob, mga himpilan ng pulisya sa mga Departamento ng Aksidente at Pang-emerhensiyang Serbisyo ng mga ospital sa ilalim ng Awtoridad ng Ospital, mga Pinagsamang Sentro ng Serbisyong Pampamilya, mga Yunit ng Panrehiyong Seguridad Panlipunan, o sa Seksiyon ng TAVA ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan (SWD).

Ang mga kumpletong aplikasyon ay maaaring ipadala sa Seksiyon ng TAVA. Bilang kahalili, maaari rin itong ipasa sa pamamagitan ng fax o email. Maaari ring magsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng online na aplikasyon.

### Seksiyon ng TAVA (SWD)

Adres ng Tanggapan : Room 101, 1/F, Mong Kok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mong Kok, Kowloon  
Fax no. : 2893 8690  
Email Adres : tavaenq@swd.gov.hk

Maari ring i-download ang aplikasyon mula sa pangunahing pahina ng SWD sa <http://www.swd.gov.hk>

## Paraan ng Pagproseso ng Aplikasyon

Sa karaniwang mga pagkakataon, ang pulis na nagsisiyasat sa isang aksidenteng pang-trapiko ang siyang magpapakilala ng Programa sa biktima o sa kanyang kaanak. Ang aplikasyon para sa tulong ay ituturing na pormal lamang kapag ito ay natanggap na ng SWD.

Maliban kung mayroong espesyal na kalagayan o kawalan ng kakayahang makagalaw, kinakailangan ng aplikante na personal na dumalo sa Seksiyon ng TAVA upang magsumite ng kaugnay na impormasyon at ng mga sumusunod na dokumento:

- dokumentong pagkakakilanlan (sa malubhang kalagayan, kinakailangan ang mga dokumentong pagkakakilanlan ng parehong biktima at pinakamalapit na kaanak);
- kopya ng orihinal na katibayan ng pinsalang natamo sa aksidente kasama na ang sertipiko ng pagkamatay (kung namatay ang biktima), sertipiko ng pagliban sanhi ng pagkakasakit, ulat medikal na nagmula sa rehistradong mediko o rehistradong medikong Instik, mga resibo ng pinagbayaran sa ospital, mga katibayan ng konsultasyon mula sa ospital/klinika na nagmula sa mga institusyon na sumasailalim sa Awtoridad ng mga Hospital o kaya ay Kagawaran ng Kalusugan; at
- libreta de bangko o ATM card (kung sakaling nais ng aplikanteng makuha ang kabayaran sa pamamagitan ng autopay ng bangko) at iba pa.

Ipapaalam sa aplikante ang resulta ng aplikasyon sa pamamagitan ng sulat.

(Paunawa: Ang mapanlinlang na pagkuha ng TAVA ay isang krimen. Dagdag pa sa pagdiskwalipika na makatanggap ng tulong, maaari patawan ng pagkabilanggo ng di hihigit sa 14 na taon sa ilalim ng Ordinansa ng Pagnanakaw, Kapitulo 210 ng Batas ng Hong Kong.)

## Legal na Obligasyon

Ayon sa Seksyon 9 ng Ordinansa para sa mga Biktima ng Aksidenteng Pang-trapiko (Pondong Pantulong), Kapitulo 229 ng mga Batas ng Hong Kong, ang aplikante ay kailangang lumagda sa isang kasunduang pangako.

### Nilalaman ng Kasunduang Pangako

Ang aplikante ay dapat mangakong tutuparin ang mga sumusunod:

- ipaalam sa Direktor ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan ang paggawa ng anumang paghahabol para sa danyos o kompensasyon mula sa ibang pinagkukunan kaugnay ng parehong aksidenteng pang-trapiko (ang abisong ito ay dapat ibigay sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng nasabing paghahabol); at
- ipaalam sa sinumang tao na kanyang inakusahan o pinaghahabol para sa danyos o kompensasyon kaugnay ng parehong aksidenteng pang-trapiko, ang petsa at halagang natanggap niya mula sa Pondo (ang abisong ito ay dapat gawin nang nakasulat sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng nasabing paghahabol).

Ang taong pinaghahabol ng isang aplikante ng TAVA at naabisuhan tungkol sa bayad mula sa Programa ay may itinakdang pananagutan ayon sa batas na ipaalam sa Direktor ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan ang halagang kanyang ibabayad sa aplikante (ang abisong ito ay kailangang gawin hindi bababa sa 72 oras bago ang araw ng pagbabayad).

### Pagpapahayag ng Paghahabol para sa Kompensasyon mula sa Ibang Pinagkukunan

Ang mga benepisyaryo sa ilalim ng Programa ay nananatiling may karapatang magsampa ng paghahabol para sa danyos o kompensasyon mula sa ibang pinagkukunan sa karaniwang paraan. Ayon sa Seksyon 10 ng Biktima ng Aksidenteng Pang-trapiko (Pondong Pangtulong), Kapitulo 229 ng Batas ng Hong Kong, kung sa isang aksidenteng pang-trapiko ay may naibigay na danyos o kompensasyon sa isang taong nakatanggap o nakinabang sa halagang ibinayad mula sa Pondo, ang taong tumanggap ng danyos o kompensasyon ay kailangang isauli sa Pondo ang alinman sa halagang natanggap mula sa Pondo o ang halagang danyos o kompensasyon, kung alinman ang mas mababa.

## Objective

The objective of the Traffic Accident Victims Assistance (TAVA) Scheme (the Scheme) is to provide financial assistance to road traffic accident victims or the surviving dependants of deceased traffic accident victims on a non-means-tested basis, regardless of the element of fault leading to the occurrence of the accident.

Payments are made for personal injuries, while loss of or damage to property is not covered.

## Eligibility Criteria

Every application must satisfy the following criteria:

- the accident falls within the scope of the Traffic Accident Victims (Assistance Fund) Ordinance, Cap. 229 of the Laws of Hong Kong, and has been reported to the Police;
- the victim died or sustained permanent disability from the accident; or the injury sustained by the victim gave rise to at least seven days' hospitalisation or sick leave as certified by a registered medical practitioner/registered Chinese medicine practitioner;
- the application for assistance is made within six months (see footnote below) after the date of the accident; and
- the victim is a person having the right to remain in Hong Kong or being permitted to remain in Hong Kong under the Immigration Ordinance, Cap. 115 of the Laws of Hong Kong, and he/she is not in contravention of a limit of stay (if any) in force against him/her at the time of the accident.

Note: In reckoning the six-month period, the day on which the accident happens is excluded. If the last day of the period is a Saturday, a public holiday or a day during which Typhoon Warning Signal no.8 or above or Black Rainstorm Warning Signal is issued, the period shall include the next normal working day.

## Application Procedures

Application forms are available at the Accident Investigation Teams of Regional Traffic of the Hong Kong Police Force, District Offices of the Home Affairs Department, Police posts at the Accident and Emergency Departments of hospitals under the Hospital Authority, Integrated Family Service Centres, Social Security Field Units or the TAVA Section of the Social Welfare Department (SWD). Completed forms can be posted or handed in to the TAVA Section. Alternatively, they can be sent to that Section by fax or email. Applicants can also make an application by online form.

### TAVA Section of SWD

Address : Room 101, 1/F, Mong Kok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mong Kok, Kowloon

Fax no. : 2893 8690

Email address : tavaenq@swd.gov.hk

Application forms can also be downloaded from the homepage of SWD at <http://www.swd.gov.hk>

## How an Application is Processed

Under normal circumstances, the police officer who investigates a traffic accident will introduce the Scheme to the victim or his/her next-of-kin. An application for assistance is considered to have been formally made only when it is received by SWD.

Unless prevented by special circumstances or immobility, the applicant will be required to attend the TAVA Section in person to provide the relevant information and the following documents:

- identity documents (in fatal cases, identity documents of both the victim and his/her dependants are required);
- original copies of proof of injuries sustained in the accident including death certificate (in cases of death), sick leave certificates, medical reports issued by registered medical practitioners/registered Chinese medicine practitioners, hospital fee receipts, hospital/clinic consultation cards, etc. issued by medical institutions under the Hospital Authority or the Department of Health; and
- bank passbook or electronic teller card (if the applicant chooses to receive the assistance through bank autopay), etc.

The applicant will be informed of the result of his/her application in writing.

(Attention: To obtain TAVA by deception is a criminal offence. In addition to the consequence of being ineligible for assistance, the person is liable on conviction to imprisonment for a maximum of 14 years under the Theft Ordinance, Cap. 210 of the Laws of Hong Kong.)

## Statutory Obligation

Under Section 9 of the Traffic Accident Victims (Assistance Fund) Ordinance, Cap. 229 of the Laws of Hong Kong, an applicant has to sign an undertaking.

### Content of Undertaking

The applicant should undertake to fulfill the following:

- notify the Director of Social Welfare of the making of any claim by him/her for damages or compensation from other sources in respect of the same traffic accident (such notification should be given within 30 days from the date of making such claim); and
- notify any person, against whom he/she has made a claim for damages or compensation in respect of the same traffic accident, of the date and amount of payment he/she has received from the Fund (such notification should be given in writing within seven days from the date of making such claim).

The person against whom a claim has been made by a TAVA applicant and who has been notified of the payment from the Scheme will have a statutory obligation to notify the Director of Social Welfare of the amount of payment he/she makes to the applicant (such notification should be made no less than 72 hours before the day on which the payment is to be made).

### Claiming compensation from other sources

Beneficiaries under the Scheme still retain the right to make claims for damages or compensation from other sources in the usual way. Section 10 of the Traffic Accident Victims (Assistance Fund) Ordinance, Cap. 229 of the Laws of Hong Kong stipulates that where as a result of any traffic accident, damages or compensation are paid in respect of any person to whom or for whose benefit money from the Fund has been paid, the person receiving the damages or compensation shall repay to the Fund the amount of money paid from the Fund, or the amount of damages or compensation received, whichever is the less.